Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 14 NG PEBRERO, 2001, MIYERKULES SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .................................... Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .................................... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar .................................... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison .................................... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon .................................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca .................................... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .................................... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco .................................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .................................... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ricardo B. Ramirez .................................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .................................... Kagawad

*KAPASIYAHAN BLG. 060-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 04-T'2001 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 03 – T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN NA NAGSUSUSOG SA HALAGANG DALAWANG DAAN LABINTATLONG LIBO DALAWANG DAAN PITUMPU'T WALONG PISO AT SIYAM NA SENTIMOS (P213,278.09) BILANG SURPLUS NG 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY NG TAONG 2000 UPANG ILAAN SA PAGPAPAGAWA NG WAITING SHADE (P10,000.00), FEEDER ROAD SITIO IV (P178,278.09) AT PAGBILI NG TYPEWRITER (P25,000.00).*

*SAPAGKAT*, ang halagang P213,278.09 bilang surplus ng 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay ng taong 2000 ay ilalaan sa mga programa, proyekto at gawain sa taong 2001, ukol sa panlipunang pagpapaunlad at pamamahala ng barangay, ayon sa nasasaad sa nasabing kapasiyahan/kautusan ng Barangay Bagumbayan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan , na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 04-T'2001 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 03-T'2001 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na nagsususog sa halagang P213,278.09 bilang surplus ng 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay ng taong 2000 upang ilaan sa pagpapagawa ng waiting shed (P10,000.00), Feeder Road Sitio IV (P178,278.09) at pagbili ng typewriter (P25,000.00)

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang, Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan